

Tingnan

Mga aralin

- 1. Itinuturo ng Bibliya ang lahat ng kailangan nating malaman para magawa natin ang lahat ng nais ng Diyos na gawin natin.**
- 2. Sinusunod natin ang Tipan ni Kristo at hindi nagdaragdag ng mga batas mula sa Lumang Tipan.**
- 3. Ang tunay na pagsunod ay ang paggawa ng eksakto sa sinasabi ng Diyos nang walang binabago sa kanyang salita.**
- 4. Ang kaharian ng Diyos ay ang Iglesia na itinayo ni Jesus.**
- 5. Si Kristo ang ulo ng Iglesia. Susunod lamang tayo sa kanya kung ano ang dapat gawin ng Iglesia.**
- 6. Sinasamba natin ang Dios sa paraan na gusto niya at may limang bagay na Kanyang iniutos nang walang pagbabago.**
- 7. Ang kasalanan ay naghihiwalay sa atin sa Diyos at nagdudulot ng kamatayan, ngunit may pag-asa.**
- 8. Ang tao ay maliligtas sa pamamagitan ng biyaya ng Diyos kapag ito ay tinanggap sa pamamagitan ng pananampalataya at pagsunod sa Kanyang kalooban.**

Aralin 9 - Pagkatapos Mong Maging Kristiyano

Pagkatapos mong maligtas, maaari ka bang mawala?


2 Pedro 2:20-22

20 Sapagkat kung pagkatapos na sila'y makatakas sa mga karumihan ng sanlibutan sa pamamagitan ng pagkakilala sa Panginoon at Tagapagligtas na si Jesu-Cristo, ay muli silang napasabit sa mga ito at nadaig, ang huling kalagayan nila ay mas masama kaysa nang una. Sapagkat mas mabuti pa sa kanila ang hindi nakaalam ng daan ng katuwiran, kaysa, pagkatapos na malaman ito ay tumalikod sa banal na utos na ibinigay sa kanila. Nangyari sa kanila ang ayon sa tunay na kawikaan, "Nagbabalik muli ang aso sa kanyang sariling suka," at, "Ang babaing baboy na nahugasan na, sa paglulublob sa putik."

1. Ang mga nasa talata 20 ba ay nakalayo sa kanilang mga kasalanan?
A. Oo
B. Hindi
2. Ano ang nangyari sa mga taong ito na nalinis ng mga kasalanan?
A. Naligtas pa rin sila
B. Muli silang nahulog sa kasalanan
3. Pagkatapos nilang bumalik sa kasalanan, ano ang mangyayari sa kanila?
A. Ligtas pa rin ba sila?
B. Mas masahol ang kalagayan nila kaysa bago nila natutunan ang paraan ng Diyos.

Kapag ang isang tao ay nalinis na sa kanyang mga kasalanan pero pinili nilang mamuhay muli sa kasalanan, mas masahol pa siya kaysa dati bago niyang naalis ang kanilang kasalanan. Tayo ay nawala bago tayo hinugasan ng Diyos sa ating mga kasalanan. Kung tayo ay babalik at gawin muli nakagawian nating kasalanan, tayo ay maliligtas ngunit kung namatay tayo nang hindi nakabalik sa Diyos, hinding-hindi mapapasa atin ang buhay na walang hanggan

1. A 2. B 3. B



Nasaan ang mga ligtas kapag sila ay namatay?

Colosas 3:1-4


1 Kung kayo nga'y muling binuhay na kasama ni Cristo, ay hanapin ninyo ang mga bagay na nasa itaas, na kinaroroonan ni Cristo, na nakaupo sa kanan ng Diyos. 2 Ituon ninyo ang inyong pag-iisip sa mga bagay na nasa itaas, hindi sa mga bagay na nasa ibabaw ng lupa, 3 sapagkat kayo'y namatay na, at ang inyong buhay ay natatagong kasama ni Cristo sa Diyos. 4 Kapag si Cristo na inyong buhay ay nahayag, ay mahahayag nga rin kayo na kasama niya sa kaluwalhatian.

1 Juan 1:5

At ito ang mensahe na aming narinig sa kanya at sa inyo'y aming ipinahahayag, na ang Diyos ay liwanag, at sa kanya'y walang anumang kadiliman.

4. Ano ang kailangan nating pagsikapan sa ating paghahanap?
 - A. Mga bagay sa lupa
 - B. Mga bagay na espirituwal
5. Ano ang dapat nating maunawaan?
 - A. Mga bagay sa lupa
 - B. Mga bagay na espirituwal
6. Nasaan ang buhay ng isang Kristiyano?
 - A. kay Kristo
 - B. Sa Pamilya
7. Upang maging nasa kaluwalhatian kasama ni Kristo, saan dapat naroroon ang isang tao?
 - A. kay Kristo
 - B. Sa Pamilya
8. Meron bang kadiliman sa Diyos?
 - A. Medyo
 - B. Wala

4. B 5. B 6. A 7. A 8. B



Kapag tayo ay nabautismuhan, tayo ay namatay sa kasalanan, at inilagay tayo ng Diyos sa katawan ni Kristo. Bilang mga Kristiyano, dapat tayong gumawa ng maraming pagsisikap upang mamuhay sa paraan ng Diyos. Ang kasalanan ay kadiliman, at walang kadiliman sa Diyos. Kung gagamitin natin ang Bibliya tulad ng ating mapa, gagabay ito sa ating pamumuhay, at hindi na tayo maliligaw muli.

Paano kung maging mahirap ang pagiging Kristiyano?

Matao 25:1-13

1 Ang kaharian ng langit ay maihahambing sa sampung birhen na kumuha ng kanilang mga ilawan at lumabas upang salubungin ang lalaking ikakasal.

2 Ang lima sa kanila'y mga hangal at ang lima'y matatalino. 3 Sapagkat nang kunin ng mga hangal ang kanilang mga ilawan, ay hindi sila nagdala ng langis.

4 Ngunit ang matatalino ay nagdala ng langis sa mga lalagyan na kasama ng kanilang mga ilawan.

5 Samantalang naaantala pa ang lalaking ikakasal ay inantok silang lahat at nakatulog. 6 Subalit nang hatinggabi na ay may sumigaw, 'Narito na ang lalaking ikakasal! Lumabas kayo upang salubungin siya.'

7 Bumangon lahat ang mga birheng iyon at iniayos ang kanilang mga ilawan. 8 At sinabi ng mga hangal sa matatalino, 'Bigyan ninyo kami ng inyong langis, sapagkat namamatay na ang aming mga ilawan.'

9 Ngunit sumagot ang matatalino na nagsasabi, 'Maaring hindi sapat para sa amin at para sa inyo. Kaya't pumunta kayo sa mga nagtitinda at bumili kayo ng para sa inyo.'

10 At habang pumupunta sila upang bumili, dumating ang lalaking ikakasal. Ang mga nakapaghanda ay pumasok na kasama niya sa piging ng kasalan; at isinara ang pintuan.

11 Pagkatapos ay dumating naman ang ibang mga birhen, na nagsasabi, 'Panginoon, Panginoon, pagbuxan mo kami.'


12 Ngunit sumagot siya at sinabi, 'Katotohanang sinasabi ko sa inyo, hindi ko kayo nakikilala.'

13 Kaya maging handa kayo, sapagkat hindi ninyo nalalaman ang araw o ang oras.

9. Ang mga birhen ay nahalintulad sa isang tao sa kaharian?
A. Oo
B. Hindi
10. Ang lahat ba ng mga birhen ay naghihintay sa pagdating ng kasintahang lalaki?
A. Oo
B. Hindi
11. Ang lahat ba ng mga birhen ay may ilang langis?
A. Oo
B. Hindi
12. May sapat bang langis ang mga matatalinong birhen?
A. Oo
B. Hindi
13. May sapat bang langis ang mga hangal na birhen?
A. Oo
B. Hindi
14. Nang bumalik ang mga birhen at hiniling na buksan ang pinto, ano ang nangyari?
A. Pinayagan silang pumasok.
B. Sinabi ni Jesus na hindi Niya sila kilala.

9. A 10. A 11. A

12. A 13. B 14. B



Ang lahat ng mga tao sa talinghaga ay nasa kaharian at naghahanda na para sa pagdating ng kanilang Panginoon. Ngunit ang mga hangal ay hindi nakagawa ng sapat na paghahanda. Tinutulungan tayo ng araling ito na maunawaan na ang ilang tao sa Iglesia ay mawawala. Ipinapakita rin nito na may mga bagay na dapat nating gawin pagkatapos nating maging Kristiyano.

Ano ang ilang bagay na dapat gawin ng isang Kristiyano pagkatapos na maligtas?

Apocalipsis 2:10

Huwag mong katakutan ang mga bagay na malapit mo nang danasin. Malapit nang ikulong ng diyablo ang ilan sa inyo, upang kayo'y masubok; at magkakaroon kayo ng kapighatian sa loob ng sampung araw. Maging tapat ka hanggang sa kamatayan, at ibibigay ko sa iyo ang korona ng buhay.

15. B 16. A


Ang paghahayag ay isinulat sa mga Kristiyano na inuusig dahil sa paniniwala kay Jesus bilang Anak ng Diyos. Dapat silang maging tapat kahit na ito ay kapalit ng kanilang pisikal na buhay. Kung gagawin nila ito, makakamit nila ang pinakamalaking gantimpala na maaaring matanggap ng sinuman - ang buhay na walang hanggan. Totoo rin ito para sa sinumang mabubuhay para sa Diyos hanggang sa huling sandali ng kanilang buhay.

15. Dapat bang matakot ang isang Kristiyano sa pagdurusa?

- A. Oo
- B. Hindi

16. Kung tapat tayo sa buong buhay natin, ano ang matatanggap natin?

- A. Isang korona ng buhay
- B. Isang trono



Huwag mong hayaang pigilan ka ng anuman sa pagsunod sa Diyos.

Ano ang ilang bagay na dapat gawin ng isang Kristiyano pagkatapos na maligtas?

Mateo 10:37

Ang umiibig sa ama o sa ina nang higit kaysa akin ay hindi karapat-dapat sa akin; at ang umiibig sa anak na lalaki o anak na babae nang higit kaysa akin ay hindi karapat-dapat sa akin;

Juan 14:15

Kung ako'y inyong minamahal ay tutuparin ninyo ang aking mga utos.

17. Upang maging karapat-dapat sa Diyos ano ang dapat nating gawin?
 - A. Kung ano ang gustong gawin ng aming pamilya.
 - B. Mahalin ang Diyos higit pa sa pagmamahal natin sa ating pamilya.
18. Upang mahalin ang Diyos ano ang dapat nating gawin?
 - A. Sundin ang Kanyang mga utos
 - B. Pasayahin ang ating pamilya.

17. B 18. A

Upang maging kuwalipikado para sa gantimpala mula sa Diyos, dapat nating ibigin ang Diyos. Bilang isang Kristiyano, dapat nating palugdan ang Diyos nang higit sa sinuman, kasama na ang ating pamilya. Ibig sabihin, dapat nating gawin ang Kanyang iunuutos kahit na iba ang gusto ng ating pamilya.



Ano ang ilang bagay na dapat gawin ng isang Kristiyano pagkatapos na maligtas?

Mateo 6:33

Ngunit hanapin muna ninyo ang kanyang kaharian at ang kanyang katuwiran, at ang lahat ng mga bagay na ito ay pawang idaragdag sa inyo.

19. Ano ang dapat nating pagsikapang gawin?

- A. Paghahanap ng kaharian ng Diyos
- B. Ang nagpapasaya sa ating pamilya

19. A

Bilang mga Kristiyano, dapat tayong gumamit ng maraming pagsikap para sa kaharian ng Diyos at alamin kung paano tayo gustong mamuhav ng Divos.



Ano ang ilang bagay na dapat gawin ng isang Kristiyano pagkatapos na maligtas?

Mateo 25:14, 29-30

14 Sapagkat tulad sa isang tao na maglalakbay, tinawag niya ang kanyang sariling mga alipin, at ipinagkatiwala sa kanila ang kanyang mga ari-arian.

29 Sapagkat ang bawat mayroon ay bibigyan at siya'y magkakaroon ng kasaganaan, ngunit ang wala, pati ang nasa kanya ay kukunin. 30 At ang aliping walang pakinabang ay itapon ninyo sa kadiliman sa labas. Doon ay magkakaroon ng pagtangis at pagngangalit ng mga ngipin.

1 Pedro 2:2

Gaya ng mga sanggol na bagong silang ay mithiin ninyo ang malinis na espirituwal na gatas, upang sa pamamagitan nito'y lumago kayo tungo sa kaligtasan,

20. B 21. A 22. B 23. B 24. A 25. A



20. Sino ang taong tinawag?
 - A. estranghero
 - B. lingkod
21. Ang tao ba ay tulad ng isang manggagawa sa Kaharian?
 - A. Oo
 - B. Hindi
22. Anong uri ng lingkod ang taong iyon?
 - A. Kapaki-pakinabang
 - B. Walang kwenta
23. Saan patutungo ang isang ligtas at may buhay na ng walang hanggan?
 - A. langit
 - B. Impiyerno
24. Ano ang nanaisin ng bagong Kristiyano?
 - A. salita ng Diyos
 - B. Isang mataas na posisyon sa kaharian
25. Bakit natin gustuhing uminom ang gatas (salita) pagtapos nating nabautismuhan?
 - A. Para lumago tay kay Kristo
 - B. Upang manatili tayong isang sanggol.

Kapag ang isang alipin sa kaharian ay tumangging lumago at gumawa ng higit pa, ang talinghagang ito ay nagpapakita na sila ay walang silbi at gugugol ng walang hanggan sa impiyerno.

Kung madalas nating kainin (basahin at pakinggan) ang salita ng Diyos tulad ng isang bagong sanggol, tayo ay lalago at magiging kapaki-pakinabang sa simbahan.

Ano ang ilang bagay na dapat gawin ng isang Kristiyano pagkatapos na maligtas?

2 Timoteo 2:15

Ngunit ililigtas ang babae sa pamamagitan ng panganganak, kung sila'y mananatiling may kaayusan sa pananampalataya, pag-ibig at sa kabanalan.

26. Upang maging kalugod-lugod ka sa Dios, ano ang iniutos niya sa mga Kristiyano na gawin sa talatang ito?

- A. Makinig lamang sa mangangaral
- B. Patuloy na mag-aral at sumod sa salita ng Dios

Upang patuloy na tayo ay lumago sa pananampalataya, dapat patuloy ang ating pag-aaral sa salita ng Dios. Ang wastong paggamit ng Bibliya ay kailangan upang malaman natin kung ano ang gusto ng Diyos na gawin natin. Kung susundin natin Siya, malalaman natin na tayo ay tinatanggap ng Divos.

26. B



Ano ang ilang bagay na dapat gawin ng isang Kristiyano pagkatapos na maligtas?

Mga Taga Roma 12:12

Magalak kayo sa pag-asa, maging matiisin sa kapighatian, matiyaga sa pananalangin.

27. Ano ang dapat nating ipagpatuloy?

- A. Pagdarasal at pagsasamba
- B. Kaawaan lagi sa ating sarili

1 Mga Taga Tesalonica 5:17

Manalangin kayong walang patid.

27. A

Ang mga Kristiyano ay dapat manalangin nang madalas.



Hebero 10:24-25

24 At ating isaalang-alang kung papaano gigisingin ang isa't isa sa pag-ibig at sa mabubuting gawa, na huwag nating pabayaang ang ating pagtitipon, gaya ng ugali ng iba, kundi palakasin ang loob ng isa't isa, lalung-lalo na kapag inyong nakikita na papalapit na ang Araw.



28. Sino ang dapat nating isipin?
A. Ang ating mga sarili
B. Iba pang mga Kristiyano
29. Ano ang hindi natin dapat iwanan?
A. Pagtitipon sa pagsamba
B. Ang paggawa kung ano ang nagpapasaya sa atin
30. Paano natin hinihikayat ang isa't isa?
A. Magkasamasa pagsasamba
B. Pananatili sa bahay

Ang utos ng Diyos sa mga Kristiyano ay magsama-sama upang sumamba tuwing unang araw ng sanlinggo.

28. B 29. A 30. A

Upang maligtas, dapat tayo'y nasa kay Kristo. Kapag ang isang tao ay sumunod sa Diyos sa pamamagitan ng pananampalataya at pagsunod sa kanyang kautusan, idinaragdag sila ng Diyos sa katawan ni Kristo - Ang Iglesia. Gayunpaman, maaaring piliin ng isang tao na umalis sa katawan anumang oras. Sa kasamaang palad, madalas na ginagawa ng mga tao ang pagpipiliang ito. Ginagawa ito ng ilan sa pamamagitan ng pagsunod sa mga maling aral. Ginagawa ito ng ilan dahil galit sila sa Diyos, o gusto nilang bumalik sa kasiyahan ng kasalanan. Ginagawa ito ng iba dahil ayaw nilang magtrabaho para sa Diyos. Ang dakilang bagay tungkol dito ay habang ang isang tao ay nabubuhay, maaari nilang piliin na magsisi at bumalik sa Diyos, kung saan sila ay ibinalik sa katawan ni Kristo. Bilang mga anak ng Diyos, gusto nating manatiling tapat na mga lingkod. Ito ay magiging dahilan upang gusto nating sumamba ayon sa Kanyang mga tagubilin, mag-aral, umunlad, at gawin ang ating makakaya upang mamuhay sa paraan ng Diyos.